# Geena Rocero: Isang Pagsipat sa Trans-pormasyon ng Pagtatanghal sa Birtuwal na Mundo[1] /

# *Geena Rocero: An Analysis of the Trans-formation of Performance in the Virtual World*

**Jaco B. Tango**
De La Salle University, Manila, Philippines
tangojaco@gmail.com

**Abstrak:** Sinusuri ng papel ang mga retrato sa Instagram account ni Geena Rocero bílang isang transgender woman. Gamit ang teorya ni Erving Goffman (1959) na Dramaturgy at ni Judith Butler (1988) na Gender Performativity, sinipat ng mananaliksikik kung paano itinatanghal ni Rocero ang kaniyang sarili at kasarian sa birtuwal na espasyo. Sa kabuuan, mayroong bílang na 986 ang mga retratong naipaskil niya sa kaniyang account. Ang unang bahagi ay bubuuin ng 197 retrato na ipinaskil niya bago ang nasabing pag-amin; at ang natítiráng 789 na retrato ay ang mga ipinaskil niya makaraan niyang gawin ang nasabing pag-amin sa TED Talk noong Marso taóng 2014. Sa kung mayroong maláy o di-maláy na pagmamaniobra si Rocero sa kaniyang mga retrato ay mas higit na dapat bigyang-diin sa kung paanong naitanghal niya ang sarili at kasarian upang mabuo ang "impression" higit sa "appearance" sa harap ng kaniyang mga tagatunghay. Dagdag pa, mas higit na napansin din sa analitikal na konteksto na ang naturang pagtatanghal ni Rocero sa birtuwal na mundo, partikular sa Instagram, ay maaari ring tingnan bílang politikal. Sa ganitong gana, nagkakaroon ng pagtatalaban sa pagitan ng politikal at dramaturhikong aspekto sa bahagi na nagkakaroon siya ng kakayahan na idirehe ang gawain ng isa pang indibidwal.

**Mga Susing Salita**: Instagram, Transgender Woman, Dramaturgy, Gender Performativity

*This paper analyzes photos on Geena Rocero's Instagram account who is a transgender woman. Using Erving Goffman's (1959) Dramaturgy and Judith Butler's Gender Performativity (1988), the researcher then moves to investigate how Rocero portrays herself and expresses her gender identity in the virtual space. In total, there are 986 pictures on her account. The first part is comprised of 197 photographs that she posted prior to such admission and the rest of the 789 photographs are postings after she revealed her gender identity in her TED Talk last March 2014. Whether Rocero has a conscious or unconscious maneuvering in her photographs, it is important to emphasize how she presents herself and her sexuality in forming "impressions" rather than "appearance" to her audience. Furthermore, Rocero's performance in the virtual world can also be a political one in an analytical context. Thus, in the integration of the political and dramaturgical*

Copyright © 2018 by De La Salle University

*aspects of her act, it allows her to influence the work of another individual.*

***Keywords**: Instagram, Transgender Woman, Dramaturgy, Gender Performativity*

*"The world makes you something that you're not, but you know inside what you are, and that question burns in your heart: How will you become that?"* [2]
-Geena Rocero, 2014

## Panimula

Nag-aalok ang digital na komunikasyon ng isang malawak na hanay ng mga posibilidad para sa pagtatanghal ng sarili, pati na rin sa pagbubuo ng pagkakakilanlan, paggagalugad, at pag-eeksperimento, o pagpapaunlad sa sarili. Maraming tao ang nakararanas ng pagkakakilanlan bílang isang hanay ng mga tungkulin na maaaring pagsamahin at pagparesin, na ang magkakaibang pangangailangan ay kailangang ikompromiso. [...] Naging isang mahalagang panlipunang laboratoryo ang internet sa pag-eeksperimento ukol sa pagbuo at muling-pagbuo ng sarili na kumakatawan sa post-modernong búhay. Sa birtuwal na realidad, sarili ang umaayos at lumilikha ng sarili (Miroiu, 6)

Ngunit ano nga ba at/o sino ang sarili sa panahong hindi na lámang sarili ang nagdidikta o nagtatakda? Ayon kay Gerry Lanuza sa kaniyang introduksiyon ukol sa "Selfhood" na bahagi ng aklat ni Randolf S. David na *Nation, Self and Citizenship: An Invitation to Philippine Sociology* (2004): "[S]elf is a social construct." Malinaw na ang pahayag na ito ay lumalayo sa tradisyonal na pagpapalagay ukol sa sarili o "self" at sa pagkakaroon nito ng "core" o ubod. Dagdag at paglilinaw pa nga ni Lanuza na upang mas malinaw na maunawaan ang pahayag sa itaas ay maaaring tingnan ang metapora ng sarili bílang isang naratibo o salaysay. Aniya,

> ang paggigiit na ito ay pinakamainam na mauunawaan gamit ang metapora ng sarili bilang naratibo. Ang naratibo na isang bagay na nililikha nang may estetika higit kaysa inilalantad nang banal. Ang pormasyon ng naratibo ng sarili ay nakaangkla sa namamayaning panlipunanang naratibo na nakapailalim sa tradisyon. (192)

Iginigiit naman ni Gauntlett (2008), sa kung bakit mayroong pangangailangan na galugarin natin ang relasyon ng midya, kasarian at identidad. Ang midya at ang komunikasyon ay kapwa mga sentral na elemento ng modernong búhay, samantálang ang kasarian at seksuwalidad naman ay nananatiling ubod sa kung paano natin tinitingnan ang ating identidad o pagkakakilanlan.

Malinaw na sa paghahabi natin ng ating mga sariling naratibo ay malaki ang papel na ginagampanan ng lipunang ating kinabibilangan. Direkta o di-direktang nakaaapekto ang mga ito sa kung paano rin natin ipinoposisyon ang sarili, o sa kung paano natin binubuo ang sarili salig sa kung ano o alin ang katanggap-tanggap sa marami. Sa mga ganitong pagbása, mainam ding bigyang-diin ang puntong inilalatag ni Tolentino (2004) ukol sa pagiging maláy ng tao sa kung ano ang maaaring kahinatnan ng pagtuntong niya sa birtuwal na mundo. Sa puntong ito, mainam na pagmaláyan sa kung sino o ano nga ba ang nagtutulak sa atin upang tumugon sa

pangangailangan na magtanghal ng ating mga sarili. Aniya,

> [A]lam ng tao ang pinapasok nila sa virtual na mundo. Alam nilang malaki ang posibilidad ng reimbensyon, pero umaasa pa ring liligaya. At ito ang ginagawa ng karanasan sa virtualidad – ang lumikha ng antropolohiya ng kaligayahan at pag-asa sa mga mamamayang bahagi nito. Sila na etnograpikal na pinag-aaralan ay mismong umaakda ng kanilang adventura at pakikibaka para maging maligaya kahit pa hindi parati ito dahil nakahagilap na sila ng paraan na ang katumbas ng kawalang kaligayahan ay ang paniniwalang may pag-asang maging maligaya. At nagte-take comfort tayo sa pag-asa, hindi sa aktuwalidad na maging maligaya. (iii)

Sa aking palagay, kapaloob pa nga marahil nang binabanggit ni Tolentino, humihigit din sa usapin ng paglikha ng antropolohiya ng kaligayahan at pag-asa ang hatid ng ating danas sa birtuwalidad. Pumapaloob din dito ang usapin ng pag-aapuhap natin ng pagtanggap mula sa mga apirmasyon at reapirmasyon sa ating mga sarili na kadalasan ay nagmumula sa mga táong kasangkot din sa ginagalawan nating birtuwal na mundo.

## Si Geena Rocero Bilang Transgender

Kasagsagan ng karera ni Rocero sa mundo ng pagmomodelo noong Marso 2014 nang magdesisyon siyang ibahagi ang kaniyang kuwento sa TED Talk. Aniya, kabadong-kabado siya lalo pa't hindi niya alam kung paanong tatanggapin ng mga táong nakapaligid sa kaniya ang ginawang pag-amin sa publiko. Lalo pa nga't dalawa lámang ang malinaw na maaari niyang kahinatnan matapos ibahagi ang talumpati ng kaniyang kuwentong-búhay—bumagsak ang karera o magpatuloy. Sa kabutihang palad, nagpatuloy pa rin ang karera ni Rocero bílang isang modelo sa New York sa kabila ng kaniyang ginawang pag-amin sa kung sino siyang talaga. Ang kaniyang mga pangamba na matagal na niyang itinatago ay wari bang natuldukan nang magsipagtayo ang mga tagapakinig matapos niyang magtalumpati sa pagbabahagi ng sariling paglalakbay o kuwento bílang isang transgender woman (TW).

Kung pagbabatayan ang mga kategoryang inilatag sa pag-aaral na isinagawa nina Beemyn at Rankin (2011), nakapasailalim sa tinatawag na MTF (Male-to-Female) Transexuals si Rocero. Ang MTF Transsexuals ay ang mga indibidwal na laláki batay sa kanilang kapanganakan ngunit kinikilala ang kanilang sarili at ang pangangailangan na magtransisyon sa pagiging babae. Kaugnay nito, nabanggit ni Rocero sa kaniyang ginawang talumpati sa TED Talk na sa gulang na lima ay alam na niyang mag-self identify. Sa pagkakatanda niya, malimit siyang tinatanong ng kaniyang ina ukol sa paglalagay niya ng damit sa kaniyang ulo at madalas naman niyang isagot na buhok niya ito.

Sa kabiláng bandá, sinasabing ang Gender Performativity na inilatag ni Judith Butler (1990) bílang kaniyang tugon sa mga sinaunang pananaw na ang sex, gender, at pagnanasa ng isang indibidwal ay kinakailangang magkakatugma o magkakaugnay. Isang tiyak na paghahalimbawa rito ay ang isang laláki. Dahil ang kasarian niya ay laláki, kinakailangan niyang kumilos katulad ng laláki at kinakailangan niyang pagnasaan ang babae. Ang konsepto ng pagtatanghal ng kasarian ay ang identidad ng kasarian bílang isang paulit-ulit na pagtatanghal sa publiko. Hindi ito sumusulpot lámang basta-basta sapagkat ang kasarian ay nilikha ng lipunan sa pamamagitan ng sistematikong paulit-ulit na pagtatanghal nito. Anumang pamamaraan ng paglalahad ng kasarian na taliwas o iba sa normal ay hindi tinatanggap. Dahil dito, nakararanas ng diskriminasyon ang táong hindi nabibilang sa loob ng *gender binary*. Layunin ng teorya ni Butler na imulat ang mga tao sa hindi makatarungang binary na ito. Kumikilos, lumalakad, nagsasalita tayo sa mga paraan na nagpapatibay sa impresyon sa atin bílang laláki o babae. Iginigiit ni Butler na walang sinuman ang ipinanganak na mayroong kasarian, na ito ay nabubuo mula sa ating paulit-ulit na pagtatanghal. Bagaman gagap niya na ito ay isang panibago at malaking kontrobersiya, mariin niyang sinasabi na ang pagsasabi na pagtatanghal ang kasarian ay katulad ng pagsasabing walang anumang

kasarian mula sa simula't simula. Sa hulí, isinasaad na mapagmamasdan ang pagtatanghal ng kasarian ng isang indibidwal sa tatlong aspekto ng kaniyang búhay: ang gawi o acts, kilos o gestures, at damdamin o desire. Ang gawi ay makikita sa panlabas na anyo gaya ng pananamit, pagsusuot ng accessories, at paglalagay ng mga kolorete. Ang mga kilos naman ay mapapansin sa mga aksiyon o kung papaano kumilos ang isang indibidwal. At ang damdamin naman ay ang mga pagnanasa ng isang indibidwal.

Binibigyang-diin ni Butler na ang kasarian ay ang paulit-ulit na pagtatanghal lámang. Malinaw niyang inilalatag na hindi ito biglang lumitaw lámang at sa halip, sistematiko itong nabuo sa pamamagitan ng maraming taon ng pagtatanghal. Hindi ito nagaganap sa isang iglap. Makikita o mauugat ang kasarian sa maraming aspekto ng isang tao katulad ng pananalita, pananamit, mga kilos, at gawain. Lalo pa't ang mga nabanggit ay naitatanghal nang paulit-ulit, kaya't ito na ang nagiging normal sa lipunan pati na rin sa gumagawa ng pagtatanghal. Sa sanaysay ni Butler (1988) na "Performative Acts and Gender Constitution: An Essay in Phenomenology and Feminist Theory," sinasabi niyang:

> When Simone de Beauvoir claims, 'one is not born, but, rather, becomes a woman,' she is appropriating and reinterpreting this doctrine of constituting acts from the phenomenological tradition. In this sense, gender is in no way a stable identity or locus of agency from which various acts proceed; rather, it is an identity tenuously constituted in time – an identity instituted through stylized repetition of acts. Further, gender is instituted through stylization of the body, and, hence, must be understood as the mundane way in which bodily gestures, movements, and enactments of various kinds constitute the illusion of an abiding gendered self. This formulation moves the conception of gender off the ground of a substantial model of identity to one that requires a conception of a constituted social temporality. Significantly, if gender is instituted through acts which are internally discontinuous, then the appearance of substance is precisely that, a constructed identity, a performative accomplishment which the mundane social audience, including the actors themselves, come to believe and to perform in the mode of belief. (519-520)

Sa ganitong diskurso, tatangkaing ipakita sa papel na ito kung paanong itinanghal ni Rocero ang kaniyang kasarian gamit ang pagsusuri at/o pag-unawa sa mga retrato at talababa sa kaniyang Instagram account. Muli, ilalapat din dito ang ginawang paghahati sa dalawang bahagi ng kabuuang bílang ng mga retrato na 986.

## Ang Instagram Bilang Tanghalan

Sa kasalukuyan, isa ang Instagram sa pinakasikat na *social media apps* sa ating mga telepono. Isa itong app na nagbigay sa atin ng pagkakataon na maibahagi ang ating búhay sa iba sa pamamagitan ng retrato o bidyo na ating ipopost, pribado man o publiko. Binibigyan din tayo ng pagkakataon ng Instagram na maipaliwanag ang anumang retrato o bidyo na ating ipopost sa pamamagitan ng paglalakip ng talababa o caption sa mga ito. Nabibigyan din tayo ng kapangyarihan na kontrolin ang ilang mga bagay na may kaugnayan sa ating ipopost, partikular sa mga retrato. Tulad halimbawa, tayo bílang mga tumatangkilik nito ang magdedesisyon kung pananatilihin ba natin ang orihinal na kulay, patitingkarin, o di kayâ nama'y palalamlamin. Sa ganitong gana, malinaw na naiiba, nababago, at nakokontrol natin kung paano natin gustong makilala ng iba. Sapagkat walang tiyak na limitasyon ang dami ng retrato na maaari nating ibahagi sa bawat araw kaya't maaari tayong magpost nang magpost. Samakatwid, tayo ang magtatakda ng hanggahan sa ating mga sarili, depende sa kung hanggang gaano natin nais buksan ang ating personal na búhay sa birtuwal na espasyo.

Lahat ng gumagamit o tumatangkilik ng social media apps, partikular na ng Instagram, ay nagtatanghal ng kani-kanilang mga sarili sa kani-kanilang mga paraan. Lalo pa't kung pagninilayan, ang mismong akto ng pagpili ng isang retrato na ibabahagi sa publiko ay isang akto ng pagtatanghal ng ating mga sarili sa birtuwal na espasyo batay sa

ating mga maláy man o hindi maláy na pamantayang nabuo o binuo sa kung anong imahen natin gusto tayo dapat makita o makilala ng iba. Napakikinis natin at napipili ang imahen na gusto nating maging tanda ng ating mga sarili, ng ating mga pagkatao. Kung minsan pa nga'y napagaganda natin ang masalimuot na katotohanan o di kayâ nama'y napagmumukhang masalimuot ang magandang katotohanan sa tulong ng mga filter at/o iba pang mga pang-edit.

Ang pag-usbong at patuloy pang pag-usbong ng mga app sa ating mga telepono ay hindi lámang usapin ng malalaking pagbabago sa pangkalahatan, sa halip para kay Azoulay (2008), ang imbensyon ng kamera ay "*invention of a new encounter*" o imbensiyon ng makabagong pakikisalamuha. Kung susumahin, sumususog ang ideyang ito na sa kasalukuyang panahon, ang relasyon ng tao sa midya ay mas sumasalamin o kumakatawan sa gampanin bílang "user" o "participant" higit kaysa "audience member." (Gauntlett 2) Ngunit kung susuriin, lahat pa rin naman tayo bílang mga tumatangkilik nito ay maituturing na mga audience, ngunit ang usapin ng pagiging bahagi ng audience ay nagbago na rin lalo pa't mayroon na itong antas ng pakikisangkot o *level of interactivity*. Ayon kay Deuze (2011), ang mga social actors ay hindi lámang gumagamit ng digital na teknolohiya, ngunit pinauunlad din nila ang sarili kasama at gamit ang mga ito. (Sinipi mula sa papel ni Davis 138).

Sinasabing sa pang-araw-araw, ang tanghal ang nag-uugnay sa nagtatanghal at pinagtatanghalan. (Tolentino, *Kulturang Popular Aklat 5* 32) Si Geena Rocero, halimbawa, ay gumagamit ng elemento ng pagtatanghal na magbibigay-ugnay sa kaniya sa mga follower at sa iba pang gumagamit ng Instagram. Maaari ring makita ang posibilidad na ang mismong Instagram account ni Rocero ay hindi na lámang usapin ng linyar na relasyon niya at ng kaniyang mga follower kundi maging ng kaniyang mga follower sa kapwa nito mga follower lalo't nagkakaroon ng kawing-kawing na interaksiyon sa pagpapalitan ng mga komento.

## Dramaturgy Bilang Sining ng Pagmamaniobra

Ang Dramaturgy na binuo ni Erving Goffman, isang sosyolohista, ay isang konseptong sosyolohiko na gumamit ng konsepto ng teatro (theater) bílang isang metapora upang ipaliwanag ang ugali ng tao (human behavior). Sa punto de bista ni Goffman, ang bawat indibidwal ay nagtatanghal sa pang-araw-araw nitong búhay, isang tiyak na gampanin sa harap ng mga taganood. Isinaad pa nga niya sa introduksiyon ng kaniyang aklat na *The Presentation of Self in Everyday Life* ang,

> When an individual enters the presence of others, they commonly seek to acquire information about him or to bring into play information about him already possessed. They will be interested in his general socio-economic status, his conception of self, his attitude towards them, his competence, his trust-worthiness, etc. Although some of this information seems to be sought almost as an end in itself, there are usually quite practical reasons for acquiring it. Information about the individual helps to define the situation, enabling others to know in advance what he will expect of them and what they may expect of him. Informed in these ways, the others will know how best to act in order to call forth a desired response from him. (13)

Binibigyang-diin nito na likás sa atin na maging interesado sa mga impormasyon na maaari nating makuha o maláman sa ating mga kapwa na nakakasalamuha natin sa araw-araw lalo pa't ang mga impormasyon na ito ang nagdidikta sa atin, maláy man o hindi, sa kung ano ang nagiging kilos natin sa harap nila, kung ano ang maaasahan natin sa kanila sa mga tiyak na sitwasyon at iba pa.

Ilan sa mga puntong inilatag kaugnay sa pag-aaral ng Dramaturgy ay: ang identidad at pag-uugali ng tao ay nakaangkla o nakabatay sa kaniyang taganood o tagamasid (audience) na nagiging tagatanggap ng kaniyang pagtatanghal; at likás sa atin na hangaring makontrol ang magiging impresyon ng ibang tao

sa ating mga sarili na tinatawag ni Goffman na "impression management.". Binibigyang-diin din sa Dramaturgy ang nagaganap na dalawahang pagtataya (dual evaluative work) sa gumaganap (performer) at tumutunghay (audience).

Sisikapin sa papel na ito na masuri at maunawaan ang mga retrato ni Rocero sa kaniyang Instagram account upang maipakita kung paanong nagaganap o naganap ang Dramaturgy o pagtatanghal ni Rocero ng kaniyang sarili sa birtuwal na espasyo. Susubukin ding tingnan kung mayroon bang naganap na pagbabago makaraan niyang aminin sa publiko ang ukol sa kaniyang kasarian bílang isang transgender woman. Minabuti ko na hatiin sa dalawang bahagi ang mga ipinaskil na retrato ni Rocero upang mas mapalutang kung may naganap na pagbabago o wala. Sa kabuuan, may bílang na 986 ang lahat-lahat ng mga retratong naipaskil niya sa kaniyang account. Ang unang bahagi ay bubuuin ng 197 retrato na ipinaskil niya bago ang nasabing pag-amin at ang natitirang 789 na retrato ay ang mga ipinaskil niya makaraan niyang gawin ang nasabing pag-amin sa TED Talk noong Marso taóng 2014.

## Pagsusuri sa mga Retrato

Katulad ng nauna ko nang nabanggit sa itaas na bahagi ng papel, hinati ko sa dalawa ang ginawang pagsusuri at pagbása sa pangkalahatang mga retratong ipinaskil ni Geena Rocero sa kaniyang Instagram account. Mahalaga ring mabanggit na ang pagsusuri ay limitado lámang sa mga retrato na ibinahagi o ipinaskil ni Rocero sa mismo niyang account. Gamit ang termino ni Goffman, ituturing kong 'front stage' ang kaniyang Instagram account. Kaya't ang anumang mga pag-uugali o pagtatanghal na mauugat ay ituturing na 'front stage behaviors' ni Rocero. Dahil hindi ko naman kakilala nang personal si Rocero at wala akong anumang paraan upang makadaupang-palad siya kaya't wala akong magiging paghahambing o pagtatáya sa 'back stage; o sa kaniyang 'back stage behaviors' o iyong mga kilos niya labas sa kaniyang Instagram account. Sa kabílang bandá, ayon kay Hogan, maaari rin namang tingnan ang pagtatanghal ng sarili sa social media sa dalawang aspketo – proseso at produkto. Aniya,

> Ang proseso ng paghahanda ng nilalaman ay kumakatawan sa backstage, lalo pa't iniaakda ng user ang kaniyang tweets and status updates, pinipili kung aling retrato ang dapat na i-post, pinagdedesisyunan kung anong impormasyon ukol sa sarili ang mahalaga, at dinidetermina kung paanong dapat ilatag ang lahat ng ito. Anumang pinal na nilalaman – ang produkto – ang kumakatawan naman bílang front stage. Sa kinalabasang pinal na produkto itinatanghal ng users ang kanilang sarili, at saka inaangkin at kinikilala bílang kanilang identidad. (sa Davis 145)

Ipinaliliwanag ni Goffman na may dalawang sign activity: ang 'gives' o iyong berbal na komunikasyon at ang 'gives off' o iyong kilos o di-berbal na komunikasyon (14). Dahil ang aking pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri at pagbása ng mga retrato sa Instagram ni Rocero kaya't ang ituturing kong 'gives' ay ang mga talababa o caption ng mismong may-ari ng account sa kaniyang mga retrato samantálang ang mismong mga retrato naman ang magsisilbi niyang mga 'gives off'.

Sisimulan ko ang unang bahagi ng pagsusuri ukol sa kaniyang pagtatanghal ng sarili at kasarian mula sa pinakauna niyang post o ipinaskil hanggang sa ika-197 retrato. Ito ang mga retrato na ipinaskil niya bago pa man ang pag-amin.

Kung papansinin ang mga retrato na nakapaskil sa kaniyang account mula sa pinakauna niyang post hanggang sa ika-197 ay binubuo ito ng ilang mga role o gampanin niya bílang tao. Mababakas halimbawa sa mga ito ang kaniyang pagtatanghal ng sarili bílang isang anak, kapamilya, kaibigan, mangingibig, modelo, at aktibista. Sa ganitong mga aspekto niya paulit-ulit na itinatanghal ang sarili sa birtuwal na mundo. Mapapansin din halimbawa na noon pa ma'y likás na sa pagkatao ni Rocero ang magtanghal ng pagsuporta sa mga bagay na kaniyang pinaniniwalaan. May ilan o bílang na mga retrato na mauugat sa kaniyang mga sinusuportahan o pinaniniwalaan. Nariyan halimbawa ang kaniyang

post noong ika-27 ng Hunyo, 2013 ukol sa pagiging legal ng kasal ng parehong babae o kasarian sa California. Ang mismong retrato ay may ganitong teksto: “Supreme court overturns doma and restores marriage equality in California”Nilagyan naman ni Rocero ang retratong ito ng talababa na “Love prevails!!! #doma#prop8”. Ang retrato ni Nelson Mandela na may iba’t ibang kulay ng pintura sa mukha ay may ganitong talababa sa kaniyang account: “Rest in peace. Nelson Mandela #legacy”. Isang buwan bago maganap ang kaniyang pag-amin o paglalantad sa publiko ukol sa kaniyang kasarian ay mayroon siyang ipinaskil na retrato noong ika-5 ng Pebreo, 2014 kasama ang manunulat na si Janet Mock na isa ring Transgender. Mayroong talababa ang retrato na: “Full of LOVE @janetmock BOOK Launch #redefiningrealness” Isa pang retrato na kasama naman si Laverne Cox, kauna-unahang transgender woman na nai-nominate para sa Emmy. Ang nasabing retrato na kasama si Cox ay ipinaskil din sa parehong araw ng paglulunsad-aklat ni Mock. May talababa itong “So much sisterhood huggin and lovin last night at @janetmock BOOK launch #redefiningrealness. Here with amazing @lavernecox the STAR of Orange is the New Black!!! Get your BOOK now!” At, isa pang retrato na kasama muli si Janet Mock at isang babae na may pangalang @ mamaishaute, ang may talababang “Full of LOVE with ma sisters!!! @janetmock @mamaishaute #srlpartauction #sisterhood #girlslikeus Happy Women’s Day!!!” Ang mga binanggit kong retrato ukol sa kaniyang mga pinaniniwalaan at ipinaglalaban o isinusúlong ay pawang mga ipinaskil niya halos sa hulíng bahagi na bago pa man maganap ang mismong pag-amin. Lalo pa’t kapansin-pansin na ang mga ito ay hindi makikita sa mga nauna pang post na kadalasan lámang na binubuo ng pagtatanghal niya ng kaniyang sarili bílang isang modelo, anak, kaibigan at kasintahan. Mapapansin din halimbawa ang pahaging niyang pagsuporta sa transgender woman na sina Janet Mock at Laverne Cox at kung babakasin pa ay lumabas ang mga paskil niyang ito halos isang buwan na lámang bago ang mismong pag-amin kaya’t masasabi halimbawa na maaaring sa puntong ito ng kaniyang búhay ay iniisip na niya ang gagawing pag-amin o di rin namang malayo na sa bahaging ito ay nagsisimula na ang paghahanda niya para sa kaniyang gagawing talk lalo pa’t nabanggit niya sa isa niyang mga bidyo o panayam na nagkaroon siya ng isang buwang paghahanda at pagsasanay sa ilalim ng TED Talk kung paano niya ibabahagi ang kaniyang kuwento sa paraan ng TED.

Maláy man o hindi maláy si Rocero sa ganitong pagmamanipula ng kaniyang mga retrato sa pagtatanghal ng kaniyang sarili sa birtuwal na espasyo ay makikita o mauugat ang pagiging maingat niya sa pagpapaskil ng anumang mga bagay na maaaring magtulak sa mga tagatunghay o audience sa pagbibigay-kahulugan sa kaniyang pagtatanghal bílang isang transgender woman na sa matagal na panahon ay iningatan niyang lumabas o maláman ng iba. Ayon pa nga rin kay Goffman, “The individual does of course intentionally convey misinformation by means of both of these types of communication, the first involving deceit, the second feigning” (14). Ang binabanggit ni Goffman ay bahagi ng tinatawag niyang ‘impression management’. Kadalasan itong ginagawa upang makontrol ng nagtatanghal ang magiging reaksiyon ng mga tumutunghay ng kaniyang pagtatanghal. Nakatutulong ito upang makita ng mga tumutunghay ang imahen ng nagtatanghal sa paraan kung paano niya nais makita. Ngunit ang pagmamanipula na ito ay hindi agad-agad nangyayari sa iisang pagtatanghal lámang. Kinakailangang maging konsistent ng nagtatanghal sa kaniyang pagtatanghal o di kayâ nama’y mahalagang may ugnayan o pagkakaisa ang mga pagtatanghal sa bawat isa na mas magtutulak sa mas malaking imahen o larawan kung paanong ibig niyang makita ng mga tumutunghay ang kaniyang pagtatanghal o sa madaling sabi ay kung paano bubuuin ang pagpapakahulugan sa mga ito. Dagdag ni Goffman,

> He may wish them to think highly of him, or to think that he thinks highly of them, or to perceive how in fact he feels towards them, or to obtain no clear-cut impression; he may wish to ensure sufficient harmony so that the interaction can be sustained, or to defraud, get rid of, confuse, mislead, antagonize, or insult them. (15)

Ngunit labas sa partikular na layon na nasa isip ng nagtatanghal at ng kaniyang motibo sa pagkakaroon ng ganitong layon, lalagi pa ring magiging bahagi ng kaniyang interes na kontrolin ang magiging pagtanggap ng iba, higit ang magiging pagtugon ng mga ito sa kaniya. Binigyang-pagkilala ni Goffman sa bahaging ito ang hindi nailathalang papel ni Tom Burns ng University of Edinburgh. Sapagkat ito ang naglahad ng argumentong: "...that in all interaction a basic underlying theme is the desire of each participant to guide and control the responses made by the others present"( 15).

Kaya't kung naging maingat man si Rocero sa pagpapaskil ng mga retrato sa kaniyang account sa Instagram ay maaaring dahil may imahen siya na nais makita ng mga tumutunghay o di kayâ nama'y may imahen siyang iniiwasang mabuo sa isipan ng mga ito. Paglilinaw pa nga ni Goffman, "Sometimes the individual will act in a thoroughly calculating manner, expressing himself in a given way solely in order to give the kind of impression to others that is likely to evoke from them a specific response he is concerned to obtain" (17).

Kaya nga't sa unang bahagi ng paghahati ng kaniyang mga ipinaskil na retrato mula noong pinakauna hanggang sa bago ang mismong pag-amin ay hindi mo iisipin na si Rocero ay isang transgender woman. Una, dahil hindi naman niya ito sinabi sa simula't simula kayâ maging ang mga táong humahawak sa kaniya sa mundo ng pagmomodelo ay walang alam ukol sa kaniyang tunay na pagkatao. Marahil ang ganitong imahen ay maingat niyang iniangkla sa pagtatanghal ng kaniyang sarili at kasarian sa birtuwal na espasyo. Pinangalagaan niya, maláy man o hindi, na tingnan lang din siya bílang isang babae kayâ naman kung susuriin ang mismong mga retrato batay sa gawi, kilos, at damdamin ng mga ito, kapwa ang mismong mga retrato at ang mga talababa ay nagkakaisa upang bigyang-kahulugan natin bílang mga tagatunghay ang kaniyang pagtatanghal sa paraang nais niya natin itong tingnan tulad halimbawa ng siya bílang isang anak, kapamilya, kaibigan, kasintahan, modelo, at aktibista. Gayundin, kitang-kita ang pagtatanghal niya ng kaniyang kasarian bílang isang babae kayâ naman kung ano ang tipikal na pagtatanghal ng isang babae sa kaniyang kasarian bílang babae ay makikita rin sa pagtatanghal ni Rocero.

Sa kabiláng bandá, kung bibigyang-diin at pansin sa pagsusuri at pagbása ng kaniyang mga retrato sa ikalawang hatì, mula noong umamin siya sa publiko ng kaniyang kasarian bílang transgender woman hanggang sa kasalukuyan ay ibang-iba na ang makikita mo sa kaniyang mga ipinapaskil. Higit na mas hayag na siya ngayon sa identidad ng kaniyang kasarian, bagay na binigyang-linaw rin niya sa kaniyang naging talumpati sa TED talk. Pagbibigay-diin niya noon na ang katotohanang ito ang nagpalaya sa kaniya at aniya, sana'y tanggapin din ito ng mga tao. Kakaibang tapang ang ipinamalas noon ni Rocero sa pagharap niya sa kaniyang katotohanan na sa mahabang panahon ay inilihim niya sa marami maging sa ilang mga tao na nakasasalamuha niya sa araw-araw niyang pagtatrabaho bílang isang modelo.

Matatandaan na kasabay ng kaniyang naging talumpati sa TED ay ang paglulunsad niya ng kaniyang adbokasiya na GenderProud, isang organisasyon o samahan na may layong ipaglaban ang karapatang dapat makamit ng mga Transgender. Ang bagay at/o adbokasiyang ito ni Rocero ay kitang-kita magpahanggang sa kasalukuyan niyang account. Maraming mga retrato ang pumapatungkol sa iba't ibang kuwento ng mga Transgender at/o maging sa mga karapatan nila. Makikita halimbawa rito ang paghahalo-halo ng sumusunod: siya bílang tagapagsalita sa iba't ibang panayam sa paggigiit ng karapatan ng mga kapatid na transgender, mga imahen o personahe ng mga transgender na dapat ding bigyang-pagkilala sa mga nagagawa at naibabahagi sa iba, mga repost mula sa mga post ng ibang táong humahanga o umiidolo sa kaniya, mga panayam niya sa mga iba't ibang politiko o may katungkulan upang ipaliwanag niya kung bakit dapat makamit ng mga katulad niyang transgender ang kanilang karapatan upang sa ganoon ay mapababa rin ang bílang o bahagdan ng mga nagpapakamatay dahil sa iba't ibang pagdanas ng/sa diskriminasyon na nagbubuhat mula sa iba't ibang puwersa mula sa loob patungo sa labas ng mga kinikilalang transgender. Mababakas din na wari bang hindi na pigil o arál ang kaniyang

mga pagtatanghal at malaking bahagdan marahil dito ang katotohanang wala na siyang takot na bakâ may malâman ang iba na hindi nila maibigan.

Kung tatangkain mong puntahan ang account ni Rocero sa Instagram ay bubungad sa iyo ang ganitong mga salita bílang pagpapakilala sa kaniya na may-ari ng account: “Model, Producer, in love with all things Melanin. Founder GenderProud.com medium.com/stand-with-gavin.” Sa ganitong pagpapakilala bílang tagatunghay ay makabubuo ka na agad ng paghihinuha sa kung ano ang dapat asahan sa mga retratong nakapaskil sa account ng may-ari nito. Marahil ang mga ganitong pagsusumikap ni Rocero para sa pakikipaglaban sa karapatan nilang mga transgender ay mababakas din sa isa sa kaniyang mga sinabi sa naging panayam niya at/o talumpati sa HRC o Human Rights Campaign na ginanap sa San Francisco Bay Area Gala noong 2015. Aniya, “Visibility is not enough. Tolerance is not enough. My trans family needs to thrive.” (Human Rights Campaign 00:04:06-00:04:16) At wari ngang makaraan niyang maglantad ay hindi siya sumapat doon at lalong hindi rin siya sumapat na tinanggap lang siya makaraan niyang umamin kayâ naman hanggang sa kasalukuyan ay nagpapatuloy siyang kumikilos hindi lang para sa sarili kundi maging para sa iba.

Ayon pa kay Rocero, “It is critical to ensure that we have the same access to a successful and dignified life.” (Human Rights Campaign 00:04:26-00:04:33) Marahil nga isang hámon at magpapatuloy na isang hámon ang binanggit ni Rocero ngunit kung ibabatay sa mga ginagawa niyang pagtatanghal sa kaniyang Instagram ay mahihinuha na maaaring mahirap ngunit pagpupursigihan niyang makamit ito bílang pagbabalik na rin ng pasasalamat sa pagmamahal na nakuha niya sa kaniyang pamilya at sa ibang tao. Sabi nga niya, “Human dignity does not have any borders. It should be available to everybody.” (UN Human Rights 00:03:08-00:03:12)

## Paglalagom

Nang maging buo ang loob ko na si Geena Rocero ang magiging paksa ng aking papel ay maláy ako sa kaniyang kuwento at pauna kong naging tanong sa sarili ay kung mayroon bang ginawang pagmamaniobra si Rocero sa kaniyang Instagram. Ang bagay na ito ang naging sentro ng aking pagsusuri kaya’t sa ginawa kong paunang pagsipat sa kaniyang Instagram habang tinutukoy ang gagawing paghahatì ay pahapyaw ko nang sinusuri ang mga retrato. Namangha ako sa ginawang pagmamaniobra ni Rocero sa pagtatanghal ng kaniyang kasarian at sarili.

Habang sinusuri ko isa-isa ang kaniyang mga retrato ay unti-unting nahahawan at nalilinaw sa akin ang ginawa niyang pagmamanipula. Humanga ako kay Rocero, lalo’t higit kung maláy niyang ginawa ang pagmamaniobrang ito. Dahil sinumang walang alam ukol sa kaniyang pagkatao ay mapaniniwala niya sa kaniyang pagtatanghal. Nagawa ni Rocero na ingatan ang kaniyang pagtatanghal at higit pa’y nagawa niyang buuin ang magiging imahen niya sa iba sa puntong tingnan ito ng iba. Kinikilala ko bílang isang maláy na tagatunghay ukol sa ginagawa niyang pagmamaniobra ang hirap ng pagmamaniobra nito. Nakita ko ritong malinaw kay Rocero ang nais niyang mangyari kaya’t maingat niyang naisagawa ang pagtatanghal ng sarili. Kaugnay nito, alam kong alam niya ang kaniyang personal na hangarin at layunin, naitanghal niya ang kaniyang sarili nang konsistent at positibo tungo sa mundo, at umaayon siya sa kung ano ang katanggap-tanggap sa lipunan. Sa madaling sabi, dahil kinikilala ni Rocero ang kaniyang sarili bílang babae ay mas magiging madali sa kaniya at para sa mga tagatunghay niya ang lahat kung iaayon niya ang paulit-ulit na pagtatanghal ng sarili at kasarian sa araw-araw ayon dito. Malinaw rin na halos nagkaroon lámang ng posibilidad ng negatibong pagtanggap sa kaniyang pagtatanghal nang aminin niya sa publiko ang katotohanan.

Sa ganang akin, dapat pagtugmain ni Rocero ang pagtatanghal niya ng sarili sa birtuwal na mundo at sa literal na mundo na kaniyang ginagalawan. Lalo pa’t kung sakali mang mayroong pagbabago o lumihis na kilos o gawi sa kaniyang pakikisalamuha nang personal batay sa kung paano niya inilalahad ang sarili sa birtuwal ay maaari itong magdulot ng negatibong pagtingin at/o pagtanggap mula sa mga tumutunghay

lalo pa't ang birtuwal na mundo, tulad ng Instagram, ay bukás para sa lahat. Ibig sabihin, binibigyan niya ng laya ang lahat ng tao—kakilala man nang personal o hindi—na manghimasok sa kaniyang búhay.

Bílang modelo, mahalaga kay Rocero ang maingat na pagtatanghal ng sarili higit sa harap ng kamera lalo pa't nagtatrabaho siya bílang isang modelo. Sa ganitong lárang na kaniyang pinili, masasabi kong mapangahas siya bílang isang Transgender lalo pa't lingerie ang kaniyang mga iminomodelo na nangangahulugan ng pagpapakita ng mas malaking bahagi ng balát o katawan. Mapangahas siya sa isang simpleng dahilan: na ang paglalabas o paglalantad ng mas malaking bahagi ng katawan o balát sa publiko ay mas pagbibigay sa kanila ng mas malaking pagkakataon upang makakita ng bútas na magkaroon ng paglalagom na siya ay hindi tunay na babae. Sa ganitong gana rin natin maaaring basahin o tingan ang kumpiyansa at paniniwala ni Rocero sa kaniyang sarili sapagkat wala siyang pag-aalangan sa pagpapakita ng balat o katawan. At dahil naniniwala nang buo si Rocero sa mundong kaniyang binuo bílang kaniyang katotohanan kaya't mas madali para sa kaniya na papaniwalain ang kaniyang mga manonood o tagatunghay na maniwala rin dito.

Mahalagang italâ na mayroong mga salik na naghahatì at/o naghihiwalay sa katotohanan (reality) at hitsura (appearance). Nabanggit ang ilan sa mga ito ni Goffman sa bahagi ng Idealization, aniya: (1) ...[E]rrors and mistakes are often corrected before the performance takes place; at (2) ...[T]end to show only the end product, not the long hard work that went in to producing it. (52) Ang dalawang inilahad ko ay masasalamin sa ginawang pagmamaniobra ni Rocero, kayâ nga't kung imamapang pabalik ang kaniyang mga retrato sa instagram ay walang makikita na ni isang retrato niya o ni kasama ang pamilya niya noong siya ay bata pa sa isang malinaw na dahilan, siya ay hitsurang laláki pa noon. Makikita rin halimbawa na wala siyang retraro ukol sa nangyari sa kaniyang transisyon mula sa pisikal na katawan ng laláki tungo sa hitsurang babae at sa halip ay mas nabibigyang-diin lang ang kaniyang kasalukuyang pagkatao o imahen.

Kaya't gagap man o hindi gagap si Rocero sa ginagawa niyang pagtatanghal sa kaniyang sarili at kasarian, malinaw na mababatid natin na ang pagtatanghal na ito ang bumubuo sa kung sino siya, sa mga pagtatanghal niyang ito malinaw na nakilala kung sino siyang talaga. Winika ni Robert Ezra Park na:

> It is probably no mere historical accident that the word person, in its first meaning, is a mask. It is rather a recognition of the fact that everyone is always and everywhere, more or less consciously, playing a role. . . It is in these roles that we know each other; it is in these roles that we know ourselves. In a sense, and in so far as this mask represents the conception we have formed of ourselves – the role we are striving to live up to – this mask is our truer self, the self we would like to be. In the end our conception of our role becomes second nature and an integral part of our personality. We come into the world as individuals, achieve character, and become persons. (sa Goffman 30)

Malinaw na pagdaragdag ni Ezra na ang dating pinaniniwalaan nating isang pagtatanghal lámang ng isang gampanin o role ay ang siyang pinakatotoong bersiyon ng ating mga sarili.

Sa hulí, bagaman sinasabi ni Janet Mock na, "To make any trans person—including Caitlyn Jenner—a symbol for an entire community is unfair. No one can speak about the varying; intersecting and layered ways in which trans people experience the world. That is why it's necessary to create a nuanced space to amplify the voices of those who often are not heard." (Whocareaboutactresses) Lumalabas pa rin na ang ginagawang pagtatanghal ni Rocero ng kaniyang sarili at kasarian ay nagiging representasyon na rin ng pagtatanghal ng iba na kaniya ring kinakatawan.

Isa pang bagay na makikitang kapansin-pansin kay Rocero ay ang mismong paggamit niya ng birtuwal na mundo bílang lunsaran ng kaniyang mga adbokasiya higit sa pakikipaglaban para sa karapatan ng mga transgender. Ginamit niya ang Instagram at maging ang iba pang social media upang maging entablado o lunsaran ng mga ito. Ayon nga sa kaniya, magkasalikop ang antropolohiya at ang teknolohiya. Sa pinamumuhayan nating globalisadong panahon, magkakaugnay ang mundo na nagtataglay ng mga

kulturang lumalagpas sa isa't isa. Ang simpleng tweet o mensahe sa Facebook mula sa Pilipinas ay maaaring makaapekto sa táong naninirahan sa South Africa.

Malinaw na hindi ginagamit na lunsaran ni Rocero ang birtuwal na mundo o mga app upang maging sikat sa maraming tao kundi naniniwala siyang mas magiging epektibo at malawak ang mararating ng mensahe na nais niyang ipahiwatig o iparating kung ito ang gagamitin niya. Naniniwala siya halimbawa na sa tulong ng mga social media app na ito ay matutugunan ang lumalawak o lumalaking bílang ng problema natin sa kawalang-katarungan at/o karahasan. Sabi niya sa kaniyang isang artikulo na "Why This Week Taught Us That Trans Visibility Is Not Enough' na, "We believe visibility in the media is one of the many antidotes to violence and injustice, and mainstream media has the power to elevate the stories of marginalized groups, and give us a platform to share our story. Alas, we've got to hold all sectors of society responsible, if equal justice is to advance." Paliwanag niya na ang pagkakaroon ng mga imahen o personalidad na transgender sa iba't ibang uri ng midya ay hindi sapat upang mapuksa o mawala ang kung ano-anong uri ng mga diskriminasyon. Kinakailangang umigpaw sila sa pag-iral lámang, sa halip ay mas higit na magparamdam o kung kinakailangan ay maggiit ng karapatan sa espasyong dapat ay sa kanila.

Samantalang sa analitikong konteksto (analytical context), makikita ang naturang pagtatanghal ni Rocero sa birtuwal na mundo, partikular sa Instagram bílang isang politikal. Higit lalo sa ikalawang hatì ng kaniyang mga ipinaskil na retrato o iyong mga ipinaskil makaraan ang ginawang pag-amin kung saan karga-karga na niya ang adbokasiya ukol sa paggigiit at pakikipaglaban sa pinaniniwalaan niyang dapat na makamit ng mga transgender. Maaari ring tingnan na nagkakaroon ng pagtatalaban sa pagitan ng politikal (political) at dramaturhikong (dramaturgical) aspekto sa bahagi na may kakayahan ang indibidwal na idirehe ang gawain ng isa pang indibidwal. Sa kabiláng bandá, kung may kakayahan ang isa na kontrolin o idirehe ang gawain ng isa pang indibidwal ay makikita niya itong kapaki-pakinabang upang magamit na alas sa hulí.

Sinasabing isang pagtatanghal ng tiyak na mga gampanin ang isinasagawa ng mga indibidwal at ang pagbuo natin ng kani-kaniya nating mga identidad ay nagmumula sa pagtatanghal natin ng mga tiyak na gampaning ito. Ngunit, mariin din akong naniniwala na ang ginagawang pagtatanghal ni Rocero ay isang impression higit sa appearance. Kinikilala ang appearance bilang, "May be taken to refer to those stimuli which function at the time to tell us of the performer's social status. They also convey the performer's temporary state, such as working, playing, etc" (Goffman 34).

Ibig sabihin, mas malaki pa sa maliliit na pagtatanghal ng sarili na ito ang nais makamit at mabuo ni Rocero sa isip ng mga tagatunghay. Hindi siya kumikilos at nabubúhay para lámang sa kasalukuyan at sa halip ay mas nakatuon ang kaniyang pagtatanghal sa kung paano siya titingnan ng kaniyang mga tagatunghay sa mas malaki at malawak na pagtingin bílang isang babae. Kinikilala ko ang katotohanan na maaaring kung tututukan at titingnan natin isa-isa ang mga retrato ay nagmumukha itong appearances lámang na tumutugon at tumutuon sa imahen na kinakailangan niyang buuin sa panahong isinasagawa niya ang pagtatanghal, halimbawa, siya bílang isang modelo. Sa ganitong gana o sandali, malinaw na kikilos at magbibihis siya ayon sa kung ano ba ang inaasahan sa kaniya bílang isang modelo.

Sa hulí, isinusulong ng dramaturgy na ang pagtatanghal ng sarili ng bawat isa sa pamamagitan ng mga tiyak na gampanin ay isang paraan upang makisangkot sa lipunan. Masasalamin na sa ginawang pagtatanghal ni Geena Rocero ng kaniyang sarili bílang isang transgender woman sa birtuwal na espasyo partikular na sa Instagram ay ang naging tulay at lunsaran niya upang mas higit niyang maisangkot ang kaniyang sarili sa mga adbokasiya na kaniyang pinaniniwalaan at ipinaglalaban na sa hulí ay hindi na lámang hakbang o laban para sa sarili kundi sa mas malaking bílang ng mga katulad niya.

## Mga Tala

1 Unang isinulat ang papel na ito sa klase sa masterado na Performance Studies sa ilalim ng pamamatnubay ni Dr. Jazmin B. Llana.

2 Ang pahayag na ito ay bahagi ng talumpati ni Geena Rocero noong Marso 2014 sa TED Talk. Pinamagatang "Why I Must Come Out" ang nasabing panayam.

## Sanggunian


Austria, F. "Mga Bakla sa Internet." *Media at Lipunan,* inedit nina Rolando B. Tolentino at Josefina M.C. Santos, Quezon City: UP Press, 2017. 305-320. Print.

Azoulay, A. *The Civil Contract of Photography*. New York: Zone Books, 2008. Print.

Beemyn G. and Susan Rankin. *The Lives of Transgender People*. New York: Columbia University Press, 2011. Print.

David, R. *Nation Self and Citizenship: An Invitation to Philippine Sociologyy*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004. Print.

Davis, J. "Identity Theory in a Digital Age." *New Directions in Identity Theory and Research, edited by* Jan E. Stets and Richard T. Serpe. United States of America: Oxford University Press, 2016. 137-164. Print.

Elon TLT. "I Am Gender Proud: Geena Rocero." Online video clip. Youtube. Youtube, 24 November 2014. Web. 04 April 2017.

Fushion. "Why Geena Rocero Wants to Be the First Transgender Ambassador at the UN." Online video clip. Youtube. Youtube, 21 January 2015. Web. 04 April 2017.

Gauntlett, D. *Media, Gender and Identity (An Introduction)*. New York: Routledge, 2008. Print.

Goffman, E. *The Presentation of Self in Everyday Life.* Great Britain: The Penguin Press, 1959. Print.

Human Rights Campaign. "Geena Rocero at the 2015 HRC San Francisco Bay Area Gala." Online video clip. Youtube. Youtube, 26 October 2015. Web. 04 April 2017.

Lanuza, G. "Introduction: The Constitution of the Self." *Nation Self and Citizenship: An Invitation to Philippine Sociology,* by Randolf S. David.. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004. 191-207. Print.

Miroiu, C. *The Selfies: Social Identities in the Digital Age*. New Zealand: Swinburne University, 2014. Print.

Rocero, Geena. "Why This Week Taught Us That Trans Visibility Is Not Enough." Online article. HuffPost. HuffPost, 26 February 2016. Web. 04 April 2017.

Santos, J. "Ang Komodipikasyon ng Kalusugan sa Radyo at Telebisyon." *Media at Lipunan,* inedit nina Rolando B. Tolentino at Josefina M.C. Santos,. Quezon City: UP Press, 2017. 296-304. Print.

TED. "Why I must Come Out: Geena Rocero." Online video clip. Youtube. Youtube, 31 March 2014. Web. 04 April 2017.

Tolentino, R. *Kulturang Popular Aklat 5: Paghahanap ng Virtual na Identidad.* Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004. Print.

_______. *New Media: At mga Sanaysay sa Platitude ng Bagong Objek ng Media at Mediasyon sa Filipinas.* Manila City: University of Santo Tomas Publishing House, 2016. Print.

UN Human Rights. "Reflections of Courage: Women and the media - Philippines - #reflect2protect." Online video clip. Youtube. Youtube, 3 July 2015. Web. 04 April 2017.

Whocaresaboutactresses. "To make any trans person..." *Vanity Fair*, 06 June 2015, http://whocaresaboutactresses.tumblr.com/post/120875398936/to-make-any-trans-person-including-caitlyn